

# Plano sa Pagtugon sa Emergency at Mga Mahalagang Pangyayari – Handa Ba ang Kumpanya Ninyo?

Enero 21, 2022



Kailan huling sinuri ang inyong Plano sa Pagtugon sa Emergency? Marami nang nagbago sa nakalipas na ilang taon. Sa lahat ng mahalagang impormasyong nakapaloob sa Mga Plano sa Pagtugon sa Emergency (Emergency Response Plans, ERP), gugustuhin ninyong matiyak na napapanahon ang bawat aspeto ng inyong plano sa pamamagitan ng pagsuri at pagbago sa nilalaman habang gumagawa ng mga pagbabago at/o natutukoy ang panganib sa pagpapatakbo ng inyong kumpanya.

Ang pagkakaroon ng sinanay na mga empleyado at handa para sa isang uri ng emergency na sitwasyon ay maaaring maiwasan ang mga pagkamatay at pinsala, mababawasan din ang pinsala sa mga gusali at kagamitan. Ang pagiging handa ay makakaprotekta rin sa kapaligiran at sa komunidad. Pinahihintulutan din ng magandang plano ang kumpanya na bawasan ang oras na hinihintay bago muling maituloy ang mga normal na pagpapatakbo.

Mga bagay na dapat isaalang-alang kapag sinusuri ang inyong ERP:

- Nagkaroon ba ng mga pagbabago sa departamento? Inilipat ba ang isang departamento, o mga empleyado sa iba't ibang mga area sa lugar ng trabaho? Maaaring may mga kinakailangang training para malaman kung nasaan ang mga fire extinguisher at ang (mga) daan para sa paglikas.
- Kung nagtatrabaho ang ilang tao sa bahay:
  - May sapat bang mga first aider para matugunan ang mga kinakailangan?
  - Mayroon din bang sapat na mga Fire Warden at/o mga Marshall?
  - Bago ba ang impormasyon sa itaas tungkol sa inyong (mga) lupon sa Kalusugan at Kaligtasan, o sa lokasyon na madaling makita?
  - Available ba ang mga empleyadong nakatalaga para tulungan ang mga mahihinang tao?
- Alam ba ng mga empleyado ang dapat gawin kung may panganib? Ito man ay sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, o nang personal sa site, o kung ano ang gagawin kung sakaling magkaroon ng biglaang masamang panahon?
- Nagbago ba ang mga sistema ng inyong telepono? Nagbago ba ang mga numero o extension? May opsyon na ba ngayon ng recording para sa mga tawag? Ikinokonekta ba ang linya ng emergency sa tamang tao kahit pagkatapos ng oras ng opisina?

Ang isang magandang paraan para malaman kung paano maaaring tumugon ang inyong kumpanya kung sakaling magkaroon ng emergency ay magsagawa ng isang pagsasanay o drill. Kapag nakapagsagawa na kayo ng pangangasiwa sa isang pagsasanay o drill, maaaring gumawa ng mga pagbabago sa dokumento, at training, batay sa resulta. Ang pagkakaroon ng maayos na dokumento ng ERP ay isang bagay, ngunit ang pagkakaroon ng mga empleyadong sinanay sa dapat gawin at kung sino ang kokontakin kung sakaling magkaroon ng emergency ay maihahanda nang mas mabuti ang inyong kumpanya kapag nagkaroon ng mahalagang pangyayari – at dapat kaagad gumawa ng desisyon.